

EMERGENCY NA PAGDISIMPEKTA NG TUBIG NA INIINOM

GUMAMIT LAMANG NG TUBIG NA WASTONG NADISIMPEKTA PARA SA INUMIN, PAGLULUTO, PAGGAWA NG ANUMANG HINANDANG INUMIN, PAGHUHUGAS NG MGA PINGGAN, AT PARA SA PAGSISIPILYO NG NGIPIN.

Gumamit ng **nakaboteng tubig** o tubig na wasto mong hinanda at inimbak bilang isang emergency na supply ng tubig.

Pakuluin ang tubig, kung walang kang **nakaboteng tubig**. Ang pagpapakulo ay sapat para patayin ang mga mapinsalang mikrobyo.

– Kung malabo ang tubig, patiningin ito at salain sa pamamagitan ng malinis na tela, paper towel, o filter ng kape.

– Pakuluin ang tubig nang kahit isa hanggang tatlong minuto.

– Hayaang kusang lumamig ang tubig at iimbak ito sa malinis na mga sisidlan na may mga takip.

– Para pabutihin ang walang lasang tubig, magdagdag ng sangkurot ng asin sa bawat quart o litro ng tubig, o isalin ang tubig mula sa isang malinis na sisidlan papunta sa isa pa nang mangilan-ngilang beses.



Magdisimpekta ng tubig gamit ang pangkula sa bahay, kung hindi mo mapakukuluan ang tubig.

Gumamit lamang ng regular, walang amoy na mga produkto ng chlorine na pangkula na naaangkop para sa pagdidisimpekta at kalinisan gaya nang ipinapahiwatig sa tatak.

Huwag gagamit ng may amoy, ligtas sa kulay, o mga pangkula na may karagdagang mga panlinis.

– Kung malabo ang tubig, patiningin ito at salain sa pamamagitan ng malinis na tela, paper towel, o filter ng kape.


– Humanap ng malinis na dropper mula sa iyong medicine cabinet o kit ng emergency na supply.

– Humanap ng sariwang likidong chlorine na pangkula na nakaimbak sa mga temperatura ng silid nang kulang sa isang taon. Dapat sinasabi sa tatak na naglalaman ito nang 8.25% ng sodium hypochlorite.

– Gamitin ang table sa susunod na pahina bilang isang gabay para magpasya kung gaanong karami ang dapat mong idagdag sa tubig, bilang halimbawa, magdagdag nang 6 na patak ng pangkula sa bawat galon ng tubig. Doblehin ang dami ng pangkula kung malabo ang tubig, may kulay o napakalamig.

– Haluin at patiningin nang 30 minuto. Dapat mayroong bahagyang amoy ng chlorine ang tubig. Kung wala, ulitin ang dosis at patiningin ito nang isa pang 15 minuto bago gamitin.

– Kung masyadong matapang ang lasa ng chlorine, isalin ang tubig mula sa isang malinis na sisidlan papunta sa isa pa at patiningin ito nang ilang oras bago gamitin.



Dami ng Tubig	Dami ng Likido ng Pangkula na Idadagdag†
1 quart/liter	2 patak
1 galon	6 na patak
2 galon	12 patak (1/8 kutsarita)
4 galon	1/4 na kutsarita
8 galon	1/2 kutsarita

Para sa higit na impormasyon:

<http://www.ready.gov/water>

<https://www.redcross.org/>

<http://water.epa.gov/drink/emereprep/emergencydisinfection.cfm>